Republika ng Pilipinas
Kalakhang Maynila
Pamahalaang Lungsod ng Navotas
Tanggapan ng Sangguniang Panlungsod

RESOLUSYONG PANLUNGSOD BLG. 2012-09

NA SINASANG-AYUNAN AT PINAGTITIBAY ANG PAGGAMIT NG 20% INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (IRA) SA HALAGANG PHP69,714,599.20 NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG NAVOTAS, KALAKHANG MAYNILA PARA SA TAONG 2012 BATAY SA PINAGTIBAY NA PLANO NG CITY DEVELOPMENT COUNCIL.

SAPAGKAT, noong Disyembre 13, 2011 ay naisumite sa Sangguniang Panlungsod ang pinagtibay na plano at paggamit ng 20% ng Internal Revenue Allotment para sa taong 2012 ng Pamahalaang Lungsod ng Navotas at inindorso sa Komite ng Apropriasyon para sa kanilang masusing pag-aaral;

SAPAGKAT, ang 2012 20% Internal Revenue Allotment ng Pamahalaang Lungsod na may pagpapatunay ng Ingat Yamang Panlungsod ay nagkakahalaga ng Animnapu't Siyam na Milyon Pitong Daan at Labing Apat na Libo Limang Daan at Siyamnapu't Siyam na Piso at Dalawampung Sentimo (PHP69,714,599.20);

SAPAGKAT, ang City Development Council ay nagpatibay ng Resolusyon Blg. 2.s.2011 na kinapapalooban ng mga proyektong pangkaunlaran na may kaukulang laang gugulin mula sa 2012 Internal Revenue Allotment, gaya ng mga sumusunod:

1. SOCIAL DEVELOPMENT	
a. Gender and Development Plan (5% of 20% pursuant to RA 7902)	3,485,729.96
b. Anti-illegal Drug Activities (5% of 20%)	3,485,729.96
c. Hospitalization Project	27,000,000.00
d. Early Child Care and Development	500,000.00
2. ECONOMIC DEVELOPMENT/LIVELIHOOD	
a. Food Security Program/Cooperative Development Program	3,000,000.00
b. Assistance to Navotas Manpower Training Center	
3. ENVIRONMENTAL MANAGEMENT	
a. Solid Waste Management/Clean and Green	
1. Repair/Maintenance of equipments	21,000,000.00
2. Linis Bayan/Linis Ganda Projects	
3. Purchase of garbage trucks	
b. Construction, repair and maintenance of roads, wooden pathways and other public facilities.	9,743,139.28
c. Flood Control Projects	1,500,000.00
Total	PHP 69,714,599.20

SAPAGKAT, naniniwala ang Kagalang-galang na Sangguniang Panlungsod, na ang mga balakin o plano na nakasaad dito ay makakatugon sa pangangailangan ng Pamahalaang Lungsod at magiging malaking kapakinabangan sa mga mamamayan ng Navotas sa kanyang kabuuan.

DAHIL DITO, PAGPASIYAHAN na tulad ngayon ay PINAGPAPASIYAHAN ng Sangguniang Panlungsod ng Navotas, Kalakhang Maynila na sang-ayunan at pagtibayin ang paggamit ng 20% Internal Revenue Allotment sa halagang Php69,714,599.20 ng Pamahalaang Lungsod ng Navotas, Kalakhang Maynila para sa taong 2012 batay sa pinagtibay na plano ng City Development Council.

Ginawa ngayong ika 6 ng Pebrero, 2012 sa panahon ng pangkaraniwang pulong ng Sangguniang Panlungsod ng Navotas, Kalakhang Maynila.

Pinatutunayan ko ang katumpakan na
Nakasaad sa Resolusyong ito.

MARLON S. SERRANO
Kalihim
Sangguniang Panlungsod

PINATOTOHANAN AT PINATUTUNAYANG
PINAGTIBAY:

PATRICK JOSEPH A. JAVIER
Pangalawang Punong Lungsod
Tagapangulo, Sangguniang Panlungsod